# Ang Kailangan Mong Malaman tungkol sa
# Screening ng Kanser sa Cervi



- **Taon-taon, tinatayang 12,000 kababaihan sa Estados Unidos ang nagkakaroon ng kanser sa cervix**
- **Malaki ang posibilidad na maiwasan ang kanser sa cervix dahil available ang mga screening test at ang bakuna para makaiwas sa human papillomavirus (HPV).**

## 2 paraan para magpa-screen ng kanser sa cervix:

### Pap Test

Sa Pap test, naghahanap ng mga pagbabago sa mga cell sa cervix na puwedeng maging kanser kung hindi magagamot.

### HPV Test

Sa human papillomavirus (HPV) test, hinahanap ang virus na nagdudulot ng mga pagbabagong ito sa cell.

## Para maiwasan ang kanser sa cervix sa pagtuntong mo sa...

### 21

simulan ang iyong Pap test screening kada 3 taon.



### 30

Kung normal ang mga resulta mo, kumuha ng Pap test kada 3 taon o Kumuha ng Pap test at ng HPV test kada 5 taon.




### 65 +

Kausapin ang iyong provider tungkol sa kung kailangan mong patuloy na magpa-screen ng kanser sa cervix.



## Inirerekomenda ang bakuna sa HPV para sa kalalakihan at kababaihan na edad 9-26

Ang human papillomavirus (HPV) ay ang pangunahing sanhi ng kanser sa cervix. Nagpoprotekta ang bakuna sa HPV laban sa mga uri ng HPV na pinakamadalas na nagdudulot ng mga kanser sa cervix, puwerta, at vulva.



Ang HPV ay isang pangkaraniwang virus na naipapasa mula sa isang tao papunta sa isa pa habang nakikipagtalik. Puwede ring magdulot ang HPV ng kanser sa bibig/lalamunan, puwit/rectum, at sa ari ng lalaki.

## Walang insurance? Maaaring angkop kang makatanggap ng isang LIBRENG pagpapasuri at screening ng kalusugan kung ikaw ay:

- ✓ hindi kwalipikado para sa Apple Health o Medicare
- ✓ edad 40 hanggang 64, o bago mag-40 kung may history sa pamilya
- ✓ walang insurance sa kalusugan
- ✓ may mababang kita
- ✓ may malaking halagang ibinabawas para sa mga follow-up na test
- ✓ Nakatira sa King, Kitsap, Clallam, at Jefferson County

## Magpa-screen ng Kanser sa Cervix

Para alamin kung kwalipikado ka para sa isang libreng screening, tumawag sa Community Health Access Program (CHAP, Programa sa Pag-access ng Kalusugan ng Komunidad) sa

**1-800-756-5437**

Public Health
Seattle & King County

Breast, Cervical & Colon
Health Program
Saving Lives Through Early Detection